

 **Paano Makakakuha
ng Karagadagang Impormasyon
sa Walang Diskriminasyon na mga
Karapatan ng Mag-aaral**

Kontakin ang mga sumusunod:

- **Ang Prinsipal ng Inyong Paaralan**
- **Ang Tanggapan ng Inyong Distrito:**

Distrito ng Honolulu	
Farrington/Kaiser/ Kalani Complexes	733-4977
McKinley/Roosevelt/Kaimuki Complexes	733-4977
Distrito ng Central Oahu	
Aiea/Moanalua/Radford Complexes	421-4263
Leilehua/Mililani/Waialua Complexes	622-6432
Distrito ng Leeward Oahu	
Campbell/Kapolei/Waianae Complexes	675-0335
Nanakuli/Pearl City/Waipahu Complexes	675-0384
Distrito ng Windward Oahu	
Castle/Kahuku Complexes	233-5718
Kailua/Kalaheo Complexes	233-5710
Distrito ng Hawaii	
Honokaa/Kohala Complexes	775-8895
Kealahou/Konawaena Complexes	323-0015
Hilo/Laupahoehoe/ Waiakea Complexes	974-4535
Kau/Keaau/Pahoa Complexes	982-4252
Distrito ng Maui	
Baldwin/King Kekaulike/Maui High Complexes	984-8001
Hana/Lahaina/Lanai/Molokai Complexes	984-8001
Distrito ng Kauai	
Kapaa/Kauai/Waimea Complexes	274-3504

- **Ang Tagapag-ugnay ng Kagawaran para sa
Seksiyon 504 :**


Office of Curriculum, Instruction and Student Support

Student Support Branch
475 22nd Avenue, Bldg. 302
Honolulu, Hawaii 96816
Telepono: (808) 203-5515

Maaari ding magtanong sa:

**Office of Civil Rights, Region X
United States Department of Education**

Henry M. Jackson Federal Building
Mail Code 10-9010
915 Second Avenue, Room 3310
Seattle, Washington 98174-1099
Telepono: (206) 220-7900



Pantay na Pagkakataon sa Edukasyon para sa mga Mag-aaral na May-kapansanan

Mga Karapatan
sa Walang Diskriminasyon
sa ilalim ng Sub-bahagi D,
Seksiyon 504 at Batas
at mga Regulasyon ng Hawaii





Pantay na Pagkakataon sa Edukasyon para sa mga Mag-aaral na May kapansanan

Layunin

Ang polyetong ito ay binuo ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Hawaii (Hawaii State Department of Education) upang lumikha ng kabatiran sa mga karapatan ng mga mag-aaral na may-kapansanan na nasa pampublikong paaralan para tumanggap ng pantay na pagkakataon sa edukasyon.

Ano ang Seksyon 504?

Ang Seksyon 504 ay pederal na batas sa mga karapatang sibil na nagbibigay proteksyon sa mga taong may-kapansanan. Ang Seksyon 504 ay ipinatutupad ng Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil, Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos (Office for Civil Rights (OCR), U.S. Department of Education).

- Ang Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973 (29 U.S.C. §794 (a)) ay nagtatakda, sa kaugnay na bahagi, na: ***Walang sinuman na kuwalipikadong indibiduwal na may kapansanan..., na dahilan lamang sa kanyang kapansanan, ay tatanggalin sa paglahok, pagkakaitan ng mga benepisyo, o sasailalim sa diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa o aktibidad na tumatanggap ng pederal na tulong pinansiyal...***
- Ang mga regulasyon sa sub-bahagi D ng Seksyon 504 ay nag-aatas sa mga pampublikong paaralan na magkaloob sa mga kuwalipikadong mag-aaral na may kapansanan ng isang edukasyon na maihahambing sa edukasyong ipinagkakaloob sa mga mag-aaral na walang kapansanan.

Paano binigyang kahulugan ng Seksyon 504 ang "kapansanan"?

Sa Seksyon 504 ay binibigyang kahulugan ang taong may-kapansanan na sinumang:

- may pisikal o pangkaisipang kahinaan na nagbibigay ng malaking limitasyon sa isa o higit pang mga pangunahing aktibidad sa buhay (gaya ng pag-aalaga sa sarili, pagganap ng mga trabahong pangkamay, paglalakad, paningin, pandinig, pagsasalita, paghinga, pagkatuto, at pagtatrabaho);
- may nakatalang gayong kahinaan; o
- itinuturing na may gayong kahinaan.

Ano ang mga pananagutan ng paaralan?

Sa sub-bahagi D ng Seksyon 504 (34 C.F.R. §104.35 (a)) ay inaatasan ang mga paaralan na gumawa ng pagtataya sa mga mag-aaral na pinaniniwalaang may kapansanan. Kapag natiyak na ang mag-aaral ay kuwalipikadong mag-aaral na may kapansanan, ang isang grupo ng mga taong nakakakilala sa mag-aaral ay bubuo ng isang Seksyon 504 na plano batay sa pagtataya. Ang plano ay magsasaad ng paglalagay at angkop na kaluwagang gagawin upang matiyak na ang kuwalipikadong mag-aaral na may kapansanan ay makatatanggap ng edukasyong maihahambing sa tinatanggap ng mag-aaral na walang kapansanan.

Ang mga paaralan ay gagawa ng angkop na kaluwagan sa kapansanan ng kuwalipikadong mag-aaral sa loob ng regular na programa sa edukasyon. Ang angkop na kaluwagan ay iaakma sa bawat indibiduwal upang matugunan ang mga pangangailangan ng kuwalipikadong mag-aaral na may-kapansanan.

Ang ilang halimbawa ng angkop na kaluwagan sa loob ng regular na programa sa edukasyon ay: pag-upo sa unahan ng hanay sa silid-aralan, bahagyang pagbabago sa mga kinakailangan sa takdang aralin, pagbabago ng paraan kung paano ibibigay ang mga pagsusulit, paggamit ng mga tape recorder o iba pang audio-visual na kasangkapan, pag-aayos ng mga iskedyul sa klase, pagpili ng mga bahagyang binagong textbuk o workbook, paggamit ng mga pamamaraan ng pamamahala sa pagkilos, at paglalaan ng isang kapaligiran na nakaayos tungo sa pagkatuto.

Ang isang magulang, tagapag-alaga o kinatawan ng kagawaran na hindi sumasang-ayon sa pakilala, pagtataya, o paglalagay ng mag-aaral na may-kapansanan o pinaniniwalaang may kapansanan sa loob ng kahulugan ng Sub-bahagi D ng Seksiyon 504, ay maaaring magsuri ng mga kaugnay na talaan, humiling ng walang kinikilingang pagdinig at katawanin ng tagapayo sa pagdinig, at humiling ng pagrepasso ng walang kinikilingang desisyon sa pagdinig.

Kaugnayan ng Seksyon 504 sa IDEA

Ang Batas sa Edukasyon ng mga Indibiduwal na May-kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act -IDEA), na pinangasiwaan ng Tanggapan ng Natatanging Edukasyon at Pagbabagong-buhay na mga Serbisyo ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos (U.S. Department of Education's Office of Special Education and Rehabilitative Services -OSERS), ay mayroon ding mga tadhana na nag-aatas sa mga estado na magkaloob ng angkop na libreng pampublikong edukasyon [free appropriate public education (FAPE)] para sa mga mag-aaral na may-kapansanan. Sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Hawaii (Hawaii State Department of Education) ay ipinatutupad ang mga pangangailangang ito sa ilalim ng Kabanata 60, Paglalaan ng Libreng Angkop na Pampublikong Edukasyon para sa mga Katangi-tanging Batang May-kapansanan (Provision of a Free Appropriate Public Education for Exceptional Children Who Are Disabled). Ang mga pangangailangan para sa FAPE sa ilalim ng IDEA (Kabanata 60), ay higit na detalyado kaysa naroon sa ilalim ng Seksyon 504. Ang mag-aaral na may kapansanan ay maaaring maging karapat-dapat para sa FAPE sa ilalim ng IDEA o Seksiyon 504. Sa mga gayong kaso kung saan ang mga mag-aaral na may kapansanan ay maaaring maging karapat-dapat sa ilalim ng IDEA, ay ipatutupad ang mga hakbang na dapat mangyari sa Kabanata 60. Sa pangkalahatan titiyakin ng mga hakbang na ito ang pagsunod sa Seksyon 504.

Pagtitiyak sa Pagsunod ng Kagawaran ng Edukasyon

Bilang pagtatalaga, polisiya, at pagsunod sa Pederal at Estado na mga batas ukol sa walang diskriminasyon, ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Hawaii (Hawaii State Department of Education) ay hindi magpapakita ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinanggalingan, (kabilang ang limitadong kahusayan sa Inggles ng isang tao), angkan, kapansanan, kasarian (kabilang ang seksuwal na panliligalig), katayuan sa buhay, relihiyon, edad ng tao o talaan ng pagdakip at ng korte sa anumang programa o aktibidad na isinagawa ng kagawaran, kabilang ang bokasyonal na edukasyon. Sinasaklaw ng polisiyang ito ukol sa walang diskriminasyon ang pagpasok at paggamit, at pagtrato sa mga programa at aktibidad ng kagawaran na pang-edukasyon at pagtatrabaho, kabilang ang bokasyonal na edukasyon.